

PRAYER

- Pasalamatán si Jesús sa pagparito Niya sa lupa upang paglingkuran ka sa pamamagitan ng pagbigay Niya ng Kanyang buhay para sa iyo. Ipanalangin na magkaroon ka ng mas malalim na pagkaka-unawa kung paano mo mapaglilingkuran ang iba ng tulad ng paglilingkod Niya sa iyo.
- Hingin sa Diyos ang pagpapakumbaba at katapangan na mamuno sa pamamagitan ng paglilingkod. Ipanalangin ang kakayahan na makita ang pamumuno bilang isang paraan ng paglilingkod at hindi paraan ng pagkontrol sa mga tao.
- Ipanalangin na habang pinaglilingkuran mo ang iba, magabayan mo sila upang mas makilala nila si Cristo.

NOTES

Cross Check

Daan Patungo sa Kadakilaan

WEEK 3

WARM-UP

- Kapag naririnig mo ang salitang “paglilingkod,” ano ang unang pumapasok sa isip mo?
- May pinuno ka bang hinahangaan o tinitingala? Magkuwento tungkol sa kanya.
- Magkuwento tungkol sa isang pagkakataon na nakapaglingkod ka sa isang tao. Ano ang nangyari?

WORD ²⁶“Ngunit hindi dapat ganyan ang umiral sa inyo. Sa halip, ang sinuman sa inyo na gustong maging dakila ay dapat maging lingkod ninyo. ²⁷At ang sinuman sa inyo na gustong maging pinuno ay dapat maging alipin ninyo. ²⁸Maging ako na Anak ng Tao ay naparito sa mundo, hindi upang paglingkuran kundi upang maglingkod at magbigay ng aking buhay para maligtas ang maraming tao.” **MATEO 20:26-28**

Ang ina ng dalawa sa mga disipulo ni Jesús ay nagtanong kung maaaring mabigyan ang mga anak niyang sina Santiago at Juan ng awtoridad at kapangyarihan sa Kanyang kaharian. Subalit sinabi ni Jesús sa kanya at sa mga disipulo Niya na hindi ganoon ang pagiging dakila sa kaharian ng Diyos. Hindi ito naaayon sa yaman, kapangyarihan, awtoridad, kakilala, o reputasyon. Bagkus, kung sino man ang gustong maging dakila ay dapat na maglingkod. Paano natin dapat paglingkuran ang iba?



© 2019 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

1 | Isuko ang iyong ambisyon.

²¹Tinanong siya ni Jesus, “Ano ang gusto mo?” Sumagot siya, “Kung maaari po sana, kapag naghahari na kayo, paupuin n’yo ang dalawa kong anak sa tabi n’yo; isa sa kanan at isa sa kaliwa.”

²²Pero sinagot sila ni Jesus, “Hindi ninyo alam kung ano ang hinihingi ninyo. Kaya ba ninyong tiisin ang mga pagdurusang titiisin ko?” Sumagot sila, “Opo, kaya namin.” **MATEO 20:21,22**

Hiniling ng ina ni Santiago at Juan na mabigyan ang mga anak niya ng posisyong may kapangyarihan dahil itinuturing ito ng mga tao na daan tungo sa kadakilaan. Subalit nilinaw ni Jesus na ang pagsunod sa Kanya ay hindi nangangahulugan ng madaling buhay, at ang posisyon at kadakilaan ay hindi pinagsusumikapan o hinihingi. May paghahangad ka ba sa kapangyarihan o awtoridad na kailangan mong isuko sa Diyos?

2 | Isuko ang iyong kapangyarihan.

²⁵Kaya tinawag silang lahat ni Jesus at sinabi, “Alam ninyong ang mga pinuno ng mga bansa ay may kapangyarihan sa mga taong nasasakupan nila, at kahit anong gustuhin nila ay nasusunod.

²⁶Ngunit hindi dapat ganyan ang umiral sa inyo. Sa halip, ang sinuman sa inyo na gustong maging dakila ay dapat maging lingkod ninyo. **MATEO 20:25,26**

Ipinakita ni Jesus ang pagkakaiba ng paraan kung paano kadalasang umiiral ang pagkakaroon ng awtoridad at kapangyarihan sa mundo, sa paraan kung paano ito dapat umiral sa Kanyang kaharian. Ang mga may awtoridad at kapangyarihan ay kadalasang naghahari-harian sa mga nasasakupan nila at nasusunod kahit ano ang gustuhin nila. Subalit dapat nating isuko ang kapangyarihan natin kay Jesus na Siyang may ganap na kapangyarihan sa lahat, at paglingkuran ang iba. Ano ang isang bagay na isinuko mo kay Jesus upang mas makapaglingkod sa iba?

3 | Isuko ang iyong kaginhawahan.

²⁶... Sa halip, ang sinuman sa inyo na gustong maging dakila ay dapat maging lingkod ninyo. ²⁷At ang sinuman sa inyo na gustong maging pinuno ay dapat maging alipin ninyo.” **MATEO 20:26,27**

Inilarawan ni Jesus sa Kanyang mga disipulo ang daan patungo sa kadakilaan bilang isang paraan ng pamumuhay na may paglilingkod. Sa halip na ipagawa kung ano man ang gusto nila o iparamdam ang awtoridad nila, dapat nilang isuko ang kanilang personal na kaginhawahan at paglingkuran ang isa’t isa. Ayon sa Mateo 20:28, kaninong halimbawa ng paglilingkod ang tinutularan natin?

APPLICATION

- Sinisikap mo bang magkaroon ng posisyon sa kaharian ng Diyos? Gusto mo bang isuko ang ambisyon at kapangyarihan at tanggapin ang libreng kaligtasan na ibinibigay ng Diyos ngayon?
- Naisuko mo na ba ang ambisyon at kapangyarihan mo sa kagustuhan at layunin ni Jesus na Siyang may ganap na awtoridad sa buhay natin? Ano ang isang bagay na maaari mong gawin ngayong linggo upang ang kagustuhan mo ay maitugma sa kagustuhan ng Diyos para sa iyo?
- May mga tao, grupo, o kaya ay organisasyon ba na sa tingin mo ay kailangan mong paglingkuran ng gaya ng paglilingkod ni Cristo sa atin? Paano mo ito masisimulang gawin ngayong linggo?